**Mensahe sa Pagtatapos ng Teacher-Training Program**
Para sa mga Guro ng Elementarya ng Ika-4 na Distrito ng Quezon
Philippine Normal University – Dagot Hall Conference Room
2:30 PM, 5 Mayo 2008

*Representative Lorenzo R. Tañada III*

---

Magandang hapon sa ating lahat!

Labis po ang aking kagalakan ngayong araw na ito dahil nakapagpatapos na naman ako ng isang batch ng mga guro na sumailalim sa ng ating tinatawag na **TAÑADA SUMMER 2008 TEACHING PROFICIENCY ENHANCEMENT**. Kung hindi po ako nagkakamali, simula nang inumpisahan ng aking ama ang programang ito noong taong 1996 ay nakaka-siyam na po tayong pagsasanay. Sinisikap po namin na sana ay tuwing summer vacation kada taon ay makapaglunsad tayo ng ganitong programa subali't nauudlot po pag panahon ng eleksyon dahil ang ating mga guro ay kailangang gumampan ng kanilang tungkulin bilang election officers.

Nais ko pong pasalamatan ang pamunuan ng PNU sa kanilang patuloy na pagiging katuwang ng aking opisina sa programang ito.

Siguro po ay labis din ang kagalakan ng ating mga guro at natapos na ang kursong ito. Naririnig ko ang isinisigaw ng

inyong damdamin sa ngayon kahit hindi kayo nagsasalita – “UUWI NA KAMI SA QUEZON!”. Tama po ba?

Alam ko pong malaking sakripisyo sa inyong mawalay kayo ng mga tatlong linggo sa inyong pamilya para makakuha ng training na ito subalit ganoon pa man, minarapat ninyong maging kabahagi nito. Bakit kaya?

Ito po ba ay sa kadahilanan na magandang pandagdag ang certificate na inyong makukuha sa inyong credentials? O kaya, ay excited kayong makapunta dito sa Maynila? O kaya ay nais ninyo akong makita kahit saglit lang?

Sa aking palagay, ang mga nabanggit ko ay may katotohanan kahit katiting, lalo na yung gusto ninyo akong makita, subalit palagay ko, tayong lahat ay naandito at nagkakaisa dahil sa isang napakahalagang layunin:

**Ang mapahusay ang kalidad ng edukasyon ng ating bansa – quality education, sa madaling salita.**

Alam po ninyo, ako ay may paniniwala na sekondaryo lamang ang magagarang gusali at mga hi-tech na kagamitan sa eskwelahan para sa isang mahusay na edukasyon. Ang pangunahin pa ring nagtatakda kung maganda ang kalidad

ng edukasyon ay ang husay ng mga guro sa isang paaralan. Marami po akong kakilala na nagtapos ng elementarya at high school na sa ilalim lang ng puno ng mangga nagkaklase subali't sila ay mga lider sa kanilang komonidad, mahuhusay na mga scientists, abogado at manunulat.

When I ask them how they did it, ang sagot po sa akin, ay "Much of my inspiration and learning came from my teachers who tirelessly taught me not just how to read and write, but more importantly taught me how to think."

Ang aspeto po ng pagtuturo sa ating mga estudyante kung paano mag-isip ay isang mahalagang bahagi ng edukasyon na dapat ay palagi nating pahalagahan. It is not enough that our students know how to make the subject agree with the predicate, or how to find the least common denominator, or appreciate and explain the process of photosynthesis. They must be able to build on these knowledge and create new ones as that is the only way a country moves and develops.

Truly, education is not just accepting whatever the teacher teaches. It is also being able to process the learning that was obtained, or even question the very foundation of the idea that was being taught. Critical thinking is important not just for ordinary pupils but for us, citizens of this country.

Kaya mga guro, dapat kayo ay maging masaya kapag ang mga estudyante nyo ay maraming tanong matapos kayong mag-lecture. Kapag nagtaas sila ng kamay at nag-umpisang magtanong ng "Teacher, ano po ang epekto ng climate change sa photosynthesis?" Ibig sabihin, you were able to stimulate their minds and their creativity.

My dear teachers of the 4th District of Quezon,

I wish to share with you a sad fact with regard to the kind of education that our country has. Batay sa datos noong 2003, 88.6% ng ating populasyong may edad 10 hanggang 64 ay sinasabing "literate". Ang depinisyon po ng literate ay yung maalam magbasa at magsulat. Subali't kapag pinalalim natin ang depinisyon upang malaman kung ilan ang maalam magbasa, magsulat AT idinagdag natin ang kakayanang maintindihan ang binasa at maalam magkwenta, babagsak po ang porsyentong iyon sa 65.8%. Ibig pong sabihin, sa kada 100 Pilipinong may edad 10 hanggang 64, 65 lamang ang kayang intindihin ang kanilang binabasa, o may kakayanang mag solve ng mga math problems. Subali't hindi po ibinabandera ang istadistikang ito. Ang palaging nakikita natin ay ang 88.6 percent na literacy rate ng ating bansa.

Isa pong mahalgang hamon ito sa ating mga guro – we must ensure that our students understand what they are reading and likewise know how to compute.

Pinapag-research ko po ang aking staff at pinasilip ko sa kanya ang performance sa National Achievement Test (NAT) ng ilan nating paaralan sa distrito. Ang average po sa buong probinsya ng Quezon sa NAT sa school year 2006-2007 ay **51.48%.** Samantala, ang average po sa buong Region IV-A ay mas mataas ng higit twelve percentage points – **63.32%.** Ibig sabihin po, nahuhuli pa din ang ating probinsiya kumpara sa average ng buong rehiyon.

Sino po sa inyo ang kabisado ang rating ng inyong eskwelahan sa NAT? Iyon po ba ay mas mababa o mas mataas kumpara sa ating provincial average?

(Here's the data:

| | | |
|---|---|---|
| Gumaca East ES | Gumaca | 75.3 % |
| Sta Rosa ES | Calauag | 69.05% |
| Lopez West ES | Lopez | 63.54% |
| Alabat Central ES | Alabat | 61.51% |
| San Isidro ES | Tagkawayan | 59.59% |
| Concepcion ES | Plaridel | 56.96% |
| Guinayangan CES | Guinayangan | 53.07% |

| | | |
|---|---|---|
| Caridad Ibaba ES | Atimonan | 52.3 % |
| Gumaca West ES | Gumaca | 43.2 % |
| Caridad Ilaya ES | Atimonan | 43.2 % |

Kung atin pong ikukumpara, mas mataas kaysa sa provincial average ang karamihan sa ating mga paaralang nabanggit maliban sa Caridad Ilaya Elementary School ng Atimonan at Gumaca West. Subali't kung ikukumpara po ang performance ng mga paaralang nabanggit sa regional average, apat lang po ang mas higit o halos kapantay ng rehiyon – Gumaca East Elementary School ang topnothcer, sunod ang Sta. Rosa Elementary School ng Calauag, Lopez West, tapos ay Alabat Central Elementary School. Yung iba po ay mas mababa na sa regional average.

Sana po ay hindi tayo makontento na mas mataas generally ang performance ng ating mga paaralan sa distrito kumpara sa provincial average. We must strive to do more and to achieve more. Dun sa mga nasa itaas, subukan pa nating pataasin pa. Yun pong nasa ibaba, sana ay makahabol tayo sa regional average.

Baka kelangan pong magkaroon ng kooperasyon o pagtutulungan halimbawa sa pagitan ng Gumaca East at

Gumaca West para mahila pataas ang scores ng Gumaca West. Yung mga taga Alabat naman po na mahilig tumawid papuntang Atimonan, baka pwedeng magtulungan kayo ng Caridad Ilaya.

Kaya kung inyo pong binasa ng masinsinan yung “Kalatas ng Kasunduan” o Memorandum of Understanding na inyong nilagdaan, isang tungkuling hinihingi ng aking tanggapan mula sa inyo ay sana ay magkaroon kayo ng inisyatiba na maibahagi sa ibang mga kasamahan ninyong guro ang mga natutunan ninyo sa training na ito.

Sana po ay ang mga scores na ibinahagi ko sa inyo ay magsilbing hamon sa inyo upang mas higit pang paghusayan ang ating pagtuturo. Let us rise to the challenge to do more, for our pupils and of course, for our country.

Tandaan po natin, ang perang ginugol sa training na ito ay hindi pera ng PNU, hindi din po ito pera ng aking pamilya. Ito po ay perang galing sa buwis ng ating mga mamamayan. Sana po ay maibalik natin ito sa pamamagitan ng pagpapahusay ng edukasyon sa ating distrito. Sana po ay pagyamanin natin ang kaalamang nakuha natin. Pagyamanin at ipamahagi pa sa ibang kapwa guro.

Bago po ako magtapos, humihiling po ako sa inyong lahat na sana ay magpasa kayo ng kahit isang pahinang papel na nagtataglay ng sagot sa apat kong katanungan:

Una, nakatulong po ba sa inyo ang pagsasanay na ito? Sa paanong paraan?

Pangalawa, may mga problema po ba kayong naranasan na sakop ng pagsasanay na ito?

Pangatlo, ano ang inyong mga mungkahi upang higit pang mapapahusay ang ating pagsasanay sa susunod?

At pang-apat, sa inyong palagay, pogi po ba si Congressman Erin Tañada?

Yung panghuling tanong po ay optional lang ninyong sagutin. Mas maige po kung ilalagay ninyo ang inyong pangalan pero maari din pong hindi ninyo ilagay. Ang hinihiling ko lang ay bukal sa inyong kalooban at walang bahid ng pag-aalinlangan na sagot sa mga katanungan ko. In short, walang bolahan!

Pakibigay na lang po ang inyong mga komento sa aking staff na si _____ na kasama ko ngayon.

Muli, ang aking pagsaludo sa inyong lahat! Sana ay ligtas ang inyong paglalakbay pagbalik sa ating probinsya. Kita-kita po tayo sa distrito.

At sa pamunuan ng PNU, taos-puso po ang aming pasasalamat sa isa na namang pagkakataong magkatulong tayo sa pagpapahusay ng edukasyon sa ating bansa.

Magandang hapon muli sa ating lahat!